National Carer Strategy

# Pampublikong Usapan at Komento na walang Kapangakuan ng Pamahalaan o Ministro

## PAMBANSANG ISTRATEHIYA SA TAGAPAG-ALAGA

Australian Government
Department of Social Services

# Mga Nilalaman

**Pagkilala sa Bansa** .......... **2**
Ang Komite ng Pagkunsultahan ng Pambansang Istratehiya sa Tagapag-alaga .......... 2
**Paunang Salita** .......... **3**
Pahayag tungkol sa wika .......... 5
**Proseso ng pagkokunsultasyon** .......... **6**
Ano ang pakay nitong pampublikong usapan at komento? .......... 6
**Tulong at suporta** .......... **7**
Bakit pambansang pagkokunsultasyon? .......... 8
Bakit ito isang magkabahaging katungkulan? .......... 9
**Seksyon 1: Introduksyon** .......... **10**
Ang pakay ng isang Pambansang Istratehiya sa Tagapag-alaga (National Carer Strategy) .......... 10
Bakit ang isang National Carer Strategy .......... 10
Pampublikong Usapan at Komento na walang Kapangakuan ng Pamahalaan o Ministro .......... 11
Ang sinasaklawan at mga mahahalagang pagpapalagay .......... 11
Datos .......... 11
May paggalang sa pagkakaiba't-iba .......... 12
Mga kabataang tagapag-alaga at matatandang tagapag-alaga .......... 12
Mga tagapag-alaga na mula sa Mga Unang Bansa (First Nations carers) .......... 13
Nagkakaiba't-ibang kultura at wika na mga tagapag-alaga .......... 13
Mga sanga-sangang seksyon sa buong pamahalaan .......... 13
**Seksyon 2: Ang kaso para sa isang bagong pambansang Istratehiya sa Tagapag-alaga** .......... **15**
Ang bagay na alam na namin .......... 15
Kagalingan .......... 15
Pag-access sa mga serbisyo .......... 16
Mga taong mula sa Mga Unang Bansa (First Nations people) .......... 16
Mga tagapag-alaga na nagmula sa nagkakaiba't-ibang mga kultura at wika na kinagisnan (Culturally and linguistically diverse) (CALD) .......... 17
Mga kabataang tagapag-alaga .......... 17
**Seksyon 3: Ang iyong mga pananaw** .......... **18**
Ang susunod na mga hakbang .......... 18
Pahayag ng hangarin .......... 18
Mga Prinsipyo ng Istratehiya .......... 18
Ano ang anyo ng iyong ginagampanang trabaho bilang tagapag-alaga? .......... 19
Suporta para sa mga tagapag-alaga .......... 19
May-pahinga .......... 19
Pagkaka-empleyo at edukasyon .......... 20
Mga prayoridad .......... 21
Suporta ng kapwa tagapag-alaga .......... 21
Pagmumuni-muni sa lahat ng mga tagapag-alaga .......... 21
Mga bayad .......... 22
Iba pang mga serbisyo .......... 23
Ibahagi ang iyong karanasan: .......... 23
Sanggunian .......... 24

# Pagkilala sa Bansa

Kinikilala ng Pamahalaang Australya ang mga taong Katutubo at Taga-islang Torres Strait sa kabuuang Australya at ang kanilang patuloy na kaugnayan sa lupa, katubigan, kultura at komunidad. Nagpupugay kami sa mga Tagapag-ingat (Elders/Custodian) nang nakaraang panahon at kasalukuyan.

## Ang Komite ng Pagkunsultahan ng Pambansang Istratehiya sa Tagapag-alaga

Ang Komite ng Pagkunsultahan ng Pambansang Istratehiya sa Tagapag-alaga ang gumagabay sa pagbuo ng Istratehiya. Kabilang sa komite ay mga tagapag-alaga na mula sa mga nagkakaiba't-ibang kinagisnang kultura at wika na may tunay-na-buhay na karanasan at mga kinatawan ng sektor sa buong hanay ng mga portpolyo. Ang mga miyembro ng komite ay napili sa pamamagitan ng proseso ng nakabukas na pahayag ng pagkainteresado (EOI) at hinirang ng Ministro ng Mga Serbisyong Panlipunan, ang Kgg (Hon) na Amanda Risworth MP.

Ang komite ay maglalaan ng gawain tungo sa pagkakabuo ng Istratehiya kabilang ang sinasaklawan, kaugnay na kahulugan (context), diskarte sa konsultasyon at mga paksa. Ang mga miyembro ng komite ay huhugot sa kanilang mga personal at propesyonal na karanasan upang matiyak na ang Istratehiya ay magbibigay kunsiderasyon sa pinagkaiba't-iba ng mga karanasan at paghamon na kinakaharap ng mga di-binabayarang mga tagapag-alaga sa Australya.

Para sa karagdagang impormasyon, pakitingnan ang Komite ng Pagkunsultahan ng Pambansang Istratehiya sa Tagapag-alaga | Kagawaran ng Mga Serbisyong Panlipunan, Pamahalaan ng Australya (dss.gov.au)

## Paunang Salita

Nitong Abril 2024, hinirang ni Ministro Rishworth ang isang may tunay-na-buhay na karanasang Komite ng Pagkunsultahan sa Tagapag-alaga (Carer Advisory Committee) upang maggabay at kaagapay na magtrabaho sa Pamahalaang Australya upang pangasiwaan ang pagbuo ng Pambansang Istratehiya sa Tagapag-alaga (National Carer Strategy). Ito ay upang matiyak na ang mga pananaw, opinyon, pinagsamang mga karanasan at mga inaasam ng lahat ng mga tagapag-alaga ay napapabilang sa pinal na Istratehiya.

Kabilang sa aming komite ang nagkakaiba't-ibang hanay ng mga tagapag-alaga na may mga tunay-na buhay na mga karanasan at mga kinatawan mula sa mga organisasyon ng tagapag-alaga, kabilang ang mga kabataang tagapag-alaga, mga tagapag-alaga mula sa Unang Mga Taong katutubo hanggang sa mga taong bagong dating sa bansa, na nag-aalaga sa mga bata hanggang sa mga magulang, sa buong kabansaan. Ang hinirang na mga miyembro ng Komite ay nagbibigay ng payo, representasyon at pagtatanggol tungkol sa mga pagkakumplikasyon, magkakasangang koneksyon at pambihirang mga hadlang na nararanasan ng mga tao sa kanilang ginagampanang trabaho bilang tagapag-alaga sa kabuuang mga nagkakaiba-ibang komunidad ng buong Australya.

Itong istratehiya ay isang pagkakataon upang magbalita ng makahulugang pagbabago, na tinutukoy ang pagpapahusay ng karanasan sa pag-aalaga at magkaparehong pabutihin ang kalidad ng takbo ng buhay ng mga tagapag-alaga at nang ating mga inaalagaan. Ito rin ay sa paghahangad na maresolba ang mga nagkakaiba-ibang mga paghamon na kinakaharap ng mga tagapag-alaga, pati na ang mga epekto sa paglilinang, mga karera, edukasyon, pampinansya, pisikal, pangkaisipan at kultural na kapakanan, pati na ang ating karapatan ng buong pakikisali sa lipunan.

Ang pag-aalaga ay isang walang-katulad at mahalagang katungkulan sa ating lipunan, kalimitang hindi napapansin, hindi pinasasalamatan at pinagmamaliitan. Ang tungkulin ay hinugis ng mga indibidwal na pakikipagrelasyon na nangangahulugang magkaparehong mapaghamon at mapagbiyaya na mga karanasan sa pag-aalaga. Ang pagkilala at pagtanggap, pagpapahalaga at pagsusuporta sa mahalagang papel na ginagampanan ng mga tagapag-alaga at ang kanilang taos-pusong mga naiaambag sa mga buhay ng mga taong kanilang inaalagaan ang siyang kailangan.
Ang pagkilala sa mga kontribusyon at karagdagang mga oras ng di-binabayarang pag-aalaga at suportang ibinibigay ng tagapag-alaga ay napakamahalaga, nang dahil itong suporta ay kinakailangan upang mapunan at madagdagan ang pinondohan-ng-pamahalaan na may-bayad na pag-aalaga at mga serbisyong pangsuporta at binabawasan ang paghahabol (demand) na inilalagay sa mga sistema ng pangkalusugan at panglipunang pangangalaga.

Bilang mga tagapag-alaga na kagaya ninyo, naninindigan kami para sa inyo. Nauunawaan namin ang pagkapambihira ng mga kaguluhan at ang kalimitang makapuspos na katangian ng ating pinagsaluhang paglalakbay. Ang pag-aalaga ay isang kapangakuan na humahabi sa pagtaas-baba ng ating mga buhay, na kalimitan ay walang katuwaan at kailangan ng katatagan. Ito ay isang ginagampanang trabaho na naghuhugis sa ating kakayahang makisali sa lipunan, nang tahimik na pagtitibayin ang pinakadiwa ng komunidad.

May tatlong milyong di-binabayarang mga tagapag-alaga sa Australya at masigasig kami na mapakinggan ka. Kailangan namin ang iyong mga pananaw, maging nasaan ka man sa iyong paglalakbay bilang tagapag-alaga, kahit na sa ngayon mo lang nakikita ang iyong sarilli sa ganitong ginagampanang trabaho. Ang iyong mga kwento, ang iyong mga naging paghamon, ang iyong mga pangangailangan ang siyang magiging haligi ng istratehiyang ito. Itong pampublikong usapan at komento at ang mga istratehiya sa pagkunsultasyon na pumapalibot sa pagbuo nitong istratehiya ay ang iyong plataporma upang isigaw kung ano ang mahalaga sa iyo, para maihugis ang mga patakaran at programa na magsusuporta sa ating lahat. Ito ay isang pagkakataon upang matiyak na ang bawa't tagapag-alaga ay nabibigyang-pansin, napapahalagahan at nasusuportahan upang lubos na makasali sa lipunan at sa kanilang mga ginagampanang trabaho sa pag-aalaga.

Inaanyayahan ka namin na magpahayag sa pag-uusap na ito. Maging malaya, maging tapat at pagtulungan natin na makalikha ng isang hinaharap na ang lahat ng ginagampanang trabaho ng bawa't tagapag-alaga ay nabibigyang-pansin, napapahalagahan at nasusuportahan.

Meredith Coote, Co-Chair

Andrew Whitecross, Co-Chair

**Pahayag tungkol sa wika**

Sa kabuuan nitong dokumento, ginagamit namin ang katagang ‘carer’ at ‘caring role’ bilang isang saklaw-ang-lahat na mga kategorya (umbrella terms) para sa pagbibigay ng di-binabayarang pag-aalaga, suporta at tulong sa isang taong may-kapansanan, maysakit, may sakit sa kaisipan at mahina na dahil sa katandaan. Nauunawaan namin na ang pag-aalaga at ginagampanang trabaho sa pag-aalaga ay nangyayari sa iba't-ibang kaanyuan; maaaring isa kang kaibigan, kapit-bahay, kamag-anakan, asawa, isang bata o magulang.

Ang kasalukuyang kahulugan ng ‘carer’ na nakasaad sa *Carer Recognition Act 2010* (the Act) ay isang tao na nagbibigay ng personal na pag-aalaga, suporta at tulong sa isa pang tao na nangangailangan nito dahil ang taong ito ay may-kapansanan, maysakit (kabilang na ang terminal o di-gumagaling na sakit), may sakit sa kaisipan o mahina na dahil sa katandaan. Ang pormal na kaayusan sa pangangalaga ay hindi pag-uusapan dito sa istratehiya at papel ng diskusyon. Ang pormal na mga tagapag-alaga ay yaong mga tao na nagbibigay ng pangangalaga, suporta at tulong bilang isang may-bayad na serbisyo, bilang bahagi ng kaayusan sa pagboboluntaryo o bilang bahagi ng pagsasanay o pag-aaral para sa may-bayad na mga serbisyo sa pag-aalaga.

Hindi lahat ng tao na nagbibigay ng tulong at suporta sa isang tao na iniisip ang mga sarili nila bilang isang tagapag-alaga. Ito ay sa maraming mga kadahilanan: halimbawa, maaaring mahirap para makita ng mga tagapag-alaga na ang kanilang ginagampanang trabaho sa pag-aalaga ay hiwalay sa pagiging relasyon nila sa taong kanilang inaalagaan. Itong mga pagkarelasyon at pag-uugnayan ay nagbibigay sa mga tao ng kahulugan ng pagkakakonekta at pagdadamayan at maaaring isang mahalagang bahagi sa pagkakilanlan at kahulugan ng mga tao. Ang pagiging tagapag-alaga ay magbibigay ng paghamon sa umiiral na pakikipagrelasyon ng lahat ng mga partido. Ang ibang tao ay maaaring hindi maunawaan na ang suportang kanilang ibinibigay ay mas mahigit pa sa ibinibigay ng ibang mga tao sa kanilang pakikipagrelasyon. Nitong kamakailang mga pagkokunsultasyon, ang ilang mga dumalo ay nagbahagi na ang katagang 'tagapag-alaga' ay nakakainis. Pakiwari nila na ito ay nagpapababa ng tingin sa taong inaalagaan at nakakasira sa kanilang ahensya.

Kapag nagbibigay ng pag-aalaga sa isang tao, ang titulong 'tagapag-alaga' ay hindi malinaw hanggang hindi nakakaapekto sa iyong kakayahan sa pagtatrabaho sa pag-aalaga, malilimitahan ang iyong oras sa sariling pamilya o mag-uumpisang makaapekto sa iyong kalusugan at kapakanan.

Dagdag pa rito, nauunawaan din namin na ang katagang tagapag-alaga ay maaaring hindi kinikilala, tinatanggap o pinasasalamatan ng ilang mga tao, kabilang ang mga taong mula sa Unang Mga Bansa na katutubo at sa mga nagkakaiba't-ibang kultura at wika (CALD) na komunidad.

Para sa pampublikong usapan at komento na ito, kapag nagtukoy kami ng mga tagapag-alaga, hindi namin ipinagkakahulugan ito para sa mga taong nagbibigay ng pormal at may-bayad na pag-aalaga. Ang isang tagapag-alaga (carer) ay sinuman, maging isang bata o nasa edad, na nag-aalaga sa isang miyembro ng pamilya, ka-partner o kaibigan na nangangailangan ng tulong dahil sa kanilang karamdaman, kahinaan dahil sa katandaan, may-kapansanan, problema sa kaisipan o pagkagumon (addiction) na hindi makayanan ang sarili kung walang suporta ng isang tagapag-alaga. Ang kanilang ibinibigay na pag-aalaga ay di-binabayaran. Kapag nagtukoy kami ng mga tagapag-alaga sa dokumentong ito, ito ay kabilang ang parehong mga nasa edad na at mga kabataang tagapag-alaga.

**Mangyaring tandan** na ang mga taong gumagawa ng normal na pang-araw-araw na pag-aalaga sa mga bata, maging magulang man o hindi magulang, kamag-anakan, lolo at lola o nasa bahay-ampunan na mga relasyon (na ang mga bata ay walang dagdag na suporta dahil sa kapansanan, maysakit o mayroong sakit sa kaisipan) ay hindi siyang binibigyang pokus nitong pampublikong usapan at komento at ng Istratehiya. Ang pinasadyang suporta para dito sa

mga grupo ng tagapag-alaga ay matatagpuan sa pamamagitan ng pagtawag sa Grandparent, Foster and Kinship Carer Adviser ng Department of Social Services sa 1800 245 965. Ang iba pang may kaugnayang mga mapagkukunan ay matatagpuan sa website ng Department of Social Services.

*Interesado kaming mapakinggan ang lahat ng mga miyembro ng komunidad na may sinusuportahang mahal sa buhay o kaibigan, maging pinili man nilang gamitin o hindi ang katagang 'carer'.*

***Ginagamit mo ba ang katagang carer? May iba pa bang wika na mas gusto mong gamitin?***

*Maaari mo ring ibahagi itong ginagampanang trabaho sa pag-aalaga sa iba pang tao. Marami sa mga tagapag-alaga ay bahagi ng isang sirkulo ng suporta, kabilang ngunit hindi limitado sa ginagampanang trabaho ng pangunahing tagapag-alaga. Sa Australya, ang katagang 'pangunahing tagapag-alaga' ay ginagamit bilang pagtukoy sa taong nagbibigay ng pinakamalaking bahagi ng di-binabayarang pag-aalaga at pagtulong sa isang inaalagaan para sa pang-araw-araw na mga aktibidad.*

***Nakakatulong ba ang ideya ng isang pangunahing tagapag-alaga?***

# Proseso ng pagkokunsultasyon

## Ano ang pakay nitong pampublikong usapan at komento?

Itong papel ng diskusyon ay magiging bahagi ng pampublikong pagkokunsultasyon at pakikipag-ugnayan para sa isang bagong Pambansang Istratehiya sa Tagapag-alaga (National Carer Strategy) (ang Istratehiya) (the Strategy), na magbibigay sa mga tagapag-alaga at namumuhunan ng pagkakataon na makapagsabi sa pamahalaan kung ano ang mahalaga sa kanila.

Nais naming mapakinggan ang lahat ng mga tagapag-alaga, pati yaong mula sa magkakaiba't-ibang kinagisnang kultura at wika upang matiyak na ang Istratehiya (Strategy) ay tumutugon sa mga pangangailangan ng mga tagapag-alaga at magbibigay ng mga kalalabasan na mas mahusay na masuportahan ang lahat ng mga di-binabayarang tagapag-alaga sa Australya. Ang papel na ito ay inilaan para mabalangkas ang mga suliraning alam ng Kagawaran ng Mga Serbisyong Panlipunan (Department of Social Services) na tunay na mahalaga para sa mga tagapag-alaga. Sinadya itong gawin upang mag-udyok ng diskusyon na hindi naman pakay na tukuyin ang lahat ng mga kaugnay na suliranin dito o mga paraan para maresolba ang mga ito.

Ang pagsali sa pamamagitan ng pagresponde sa papel ng diskusyong ito ay isang pagkakataon para magkakasamang magkatulungan, matiyak na ang mga karanasan ng tagapag-alaga ay naipresenta, na makikibahagi ang mga tagapag-alaga sa pag-angkin nitong bagong Pambansang Istratehiya sa Tagapag-alaga (National Carer Strategy).

Ang pagbibigay ng sagot sa pampublikong usapan at komento na ito ay maaaring gawin sa pamamagitan ng isang proseso ng isinulat na pagsusumite (submission) sa hanay ng mga tanong na nasa seksyon 3 upang magabayan ang iyong kasagutan. Isinulat ang mga katanungan bilang isang gabay lamang.

At sa kasabay na pagkakataon, alam namin na kapos sa oras ang mga tagapag-alaga at dahil diyan, nagbuo kami ng mga maikling katanungan sa online na sa halip ay maaaring sagutin. Pwede mong sagutin ang lahat ng mga tanong o yaong mga pinakamahalaga lamang para sa iyo. Matatagpuan ang talatanungan sa Pambansang Istratehiya sa Tagapag-alaga | engage.dss.gov.au.

Itong pampublikong usapan at komento ay hindi patakaran ng pamahalaan; subali't, ito ang maghuhugis sa paraan ng pagkakaunawa ng Pamahalaang Komonwelt sa kung ano ang gusto ng komunidad ng Australya para sa mga tagapag-alaga at kung ano ang dapat na iprayoridad ng pamahalaan upang magtulak ng mas magandang mga kalalabasan para sa lahat ng mga tagapag-alaga.

**Ang petsa ng pagtatapos sa mga pagsusumite ay: 11:59 ng gabi AEST sa ika-13 ng Setyembre 2024.**

**Magsalang ng nakasulat na pagsusumite sa online, sa pamamagitan ng DSS Engage:**

- Makapagsasalang ka ng nakasulat na pagsusumite sa online, sa pamamagitan ng DSS Engage sa Pambansang Istratehiya sa Tagapag-alaga | engage.dss.gov.au.
- Pakilagay ng mga pamagat na tinutukoy ang kaugnay na mga paksa o katanungan na sinasagot mo.
- Maaari mong sagutin ang lahat ng mga tanong o piliin na sagutin lang ang mga tanong na pinakamas interesado para sa iyo.
- Kung kumakatawan ka sa isang organisasyon, hinihimok namin na magbigay ka ng mga pinag-aralang kaso, datos at ebidensya para suportahan ang iyong mga pananaw. Pakitiyak na hindi matutukuyan ang impormasyon na ginamit, maliban kung mayroon kang pagpayag na ibahagi ang mga detalye na maaaring magtukoy sa mga indibidwal.
- Maaaring piliin ng Pamahalaan na ilathala ang mga pagsusumite sa mga pagkokunsultasyon ng Pambansang Istratehiya sa Tagapag-alaga (National Carer Strategy). Kapag nagsasalang ng nakasulat na pagsusumite (submission), tatanungin ka para tukuyin kung gusto mong malathala bilang natukoy o bilang walang pangalan sa website ng kagawaran. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa iyong pagkapribado, pakisangguni ang paunawa sa pagkapribado sa Patakaran sa Privacy | Kagawaran ng Mga Serbisyong Panlipunan, Pamahalaan ng Australya (dss.gov.au).

**Mag-email sa:** NationalCarerStrategy@dss.gov.au

**Sulat:** National Carer Strategy GPO Box 9820
Department of Social Services Canberra ACT 2601

**Mga pagtatanong:** Ang lahat ng mga pagtatanong ay dapat ipadala sa NationalCarerStrategy@dss.gov.au

**Sumuskribi sa:** Upang manatiling may-alam sa kabuuan nitong proseso ng pagkokunsultasyon pakisuskribi sa engage.dss.gov.au

## Tulong at suporta

Mangyaring maging may kamalayan na itong papel ay may nilalamang nakakabahala sa mga mambabasa. Kabilang dito ang impormasyon tungkol sa mga karanasan at paghamon na kinakaharap ng mga tagapag-alaga sa Australya.
Kung kailangan mo ng suporta sa pagdadala ng mga masamang pakiramdam matapos mabasa itong papel, may mga libreng serbisyong makukuha para matulungan ka.

**Programa ng mga libreng serbisyo at tulong para sa tagapag-alaga**

- Tumawag sa 1800 422 737, Lunes hanggang Biyernes, 8nu hanggang 5nh para sa suporta at mga serbisyo.
- Website: Programa ng mga libreng serbisyo at tulong para sa tagapag-alaga (Carer Gateway)

**Pangsuportang Serbisyo ng Beyond Blue**

- Tumawag sa 1300 224 636, 24 oras, 7 araw sa isang linggo.
- Mag-chat sa online 3nh hanggang 12 hatinggabi AEST, 7 araw ng isang linggo.
- Mag-email ng libre, pangmaikling pagpapayo, mga pagpapayo at pagsasangguni na serbisyo.
- Website: Pangsuportang Serbisyo ng Beyond Blue.

**Pangsuporta sa Krisis ng Lifeline**

- Itong kumpidensyal na serbisyo ay nagbibigay ng suporta kung sa pakiramdam mo na lubos kang napuspos, nahihirapang kayanin o nag-iisip na magpakamatay.
- Makipag-usap sa isang tagasuportang manggagawa sa krisis sa telepono sa numerong 13 11 14, 24 oras, 7 araw sa isang linggo.
- Mag-text sa 0477 13 11 14 para sa suporta, 24/7.
- Mag-chat sa online 24/7.
- Website: Pangsuporta sa Krisis ng Lifeline.

**1800RESPECT**

- Para sa suporta kung ikaw ay apektado ng sekswal na pang-aatake o karahasan sa pamilya o pagka-abuso.
- Tumawag sa 1800 737 732, 24 oras isang araw, 7 araw sa isang linggo.
- Mag-chat sa online 24 oras isang araw, 7 araw sa isang linggo.
- Website: 1800RESPECT

**13PAGSASALAYSAY (YARN)**

- Serbisyo sa Mga Unang Bansa (First Nations) na nagbibigay ng ligtas sa kulturang pangsuporta sa krisis.
- Makipag-usap sa isang Katutubo at Taga-islang Torres Strait na Crisis Supporter sa pamamagitan ng telepono sa 13 92 76, 24 oras isang araw, 7 araw ng 1 linggo.
- Website: 13 PAGSASALAYSAY (YARN)

**QLife**

- Ang QLife ay nagbibigay ng walang pangingilala at libreng LGBTQ+ na suporta ng kasamahan at pagpapasangguni sa mga tao sa Australya
- Tawagan ang 1800 184 527, bukas mula alas-3nh hanggang hatinggabi araw-araw o bisitahin ang QLife - Support and Referrals

## Bakit pambansang pagkokunsultasyon?

Ang mga paghamon na hinaharap ng mga tagapag-alaga ay iba't-iba at kalimitang may kaugnayan sa kanilang mga personal na kalagayan. Tinatanggap namin na itong mga karanasan ay nauuwi sa mga damdaming napag-iisa, diskriminasyon, at mga pagbabago sa damdamin at pagsasamahan ng pamilya. Itong mga karanasan ay may negatibong epekto sa kalidad ng buhay ng mga tagapag-alaga, sa kanilang emosyonal na kapakanan, pisikal na kalusugan, awtonomya at malay ng pagkakilanlan.

Bubuuin ang Istratehiya na may pagkokunsultasyon sa mga tagapag-alaga ng buong Australya. Nagsasagawa ang Kagawaran ng mga pagkokunsultasyon sa buong bansa na sinasaklaw ang metropolitan, rehiyonal, kabukiran at mga liblib na lokasyon.

Makakabilang sa pagkokunsultasyon ang mga tagapag-alaga na may tunay-na-buhay na karanasan, mga kinatawan ng sektor at kabilang ang mga iba't-ibang mga grupo katulad ng mga kabataang tagapag-alaga, mga komunidad ng Mga Unang Bansa (First Nations) communities at mga komunidad ng CALD. Makakabilang din sa pagkokunsultasyon ang mga kinatawan mula sa mga nagkakaiba-ibang grupo ng mga taong sinusuportahan ng tagapag-alaga katulad ng mga taong may mga problema sa kalusugan ng kaisipan, mga matatanda, mga beterano at yaong may kapansanan upang mas maintindihan ang mga pambihirang pangangailangan nitong mga ibat-ibang kapangkat ng mga tagapag-alaga.

## Bakit ito isang magkabahaging katungkulan?

Ang mga pamahalaang komonwelt, estado at teritoryo ay patuloy na sumusuporta sa hanay ng kaugnay na mga pangangailangan ng tagapag-alaga sa pamamagitan ng mga serbisyo at programa, na ang lahat ng mga lebel ng pamahalaan ay may ilang baitang ng responsibilidad para sa pagpopondo, paghahatid at/o pangangasiwa nitong mga sistema.

Sa pamamagitan ng malawak na hanay ng kamakailang mga pagkakataon sa pagkokunsultasyon, katulad ng royal commissions, pagsisiyasat, mga sarbey at mga pagpupulong; ang mga tagapag-alaga ay nagbahagi na may kahirapan sa pag-a-access ng mga serbisyo at nakakaubos-oras dahil sa mahihirap na proseso ng pamahalaan. Itong balikpuna ay tumatawag ng atensyon tungkol sa kinakailangang pinahusay na ipinagsama-samang mga serbisyo at pagtutuwang ng mga patakaran sa kabuuang mga pamahalaan.

Ibinahagi rin ng mga tagapag-alaga ang kanilang pagka-dismaya at malinaw na pagkaunawa sa mga paghahamon na kanilang naranasan sa pagganap ng kanilang gawain sa pangangalaga, ang kanilang kapakanan at sa loob ng kanilang mga komunidad.

Ang isang National Carer Strategy ay magbibigay ng mga pagkakataon na kilalanin at unawain ang pagkasanga-sanga ng iba pang mga reporma na kasalukuyang pinapaandar na. Kabilang na dito ang mga pagkakataon na matukuyan ang mga punto ng pagtutulungan upang ihanay ang isang pakay, katulad ng pagreresolba sa lumalaking pangangailangan ng serbisyo o paggalugad ng pinaghusay na ekonomikong partisipasyon ng mga tagapag-alaga sa pamamagitan ng mas maraming naiaakmang pakikisali sa trabaho.

# Seksyon 1: Introduksyon

## Ang pakay ng isang Pambansang Istratehiya sa Tagapag-alaga (National Carer Strategy)

Maglilikha ang Istratehiya ng patuloy na hangarin para sa mga tagapag-alaga at kanilang mga pamilya sa Australya. Ito ay magiging isang plano ng aksyon (roadmap) para sa Komonwelt sa susunod na limang taon, magbibigay ng isang pagtanaw ng kung ano ang gustong makamit ng Australya para sa mga tagapag-alaga.

Tutukuyin nito ang pagka-dibersidad ng mga tagapag-alaga sa pagsusuri ng tanawin ng tagapag-alaga, pati na ang pambihirang mga kalagayan ng tagapag-alaga at kasalukuyang mga suporta. Pakay nitong gawing moderno at pagsamahin ang kabuuang mga kagawaran ng komonwelt upang suportahan ang mas mabuting pagtutulungan at mga gawain sa pagtutulungan, pagbibigay-lakas sa mga pangako ng Pamahalaan para sa kapakanan, edukasyon, kalusugan (kabilang ang pangkaisipang kalusugan) at kaligtasan ng mga hindi binabayarang mga tagapag-alaga ng Australya.

## Bakit ang isang National Carer Strategy

Ang naunang National Carer Strategy ay inilunsad noong taon 2011 at iniupong katabi ang National Disability Strategy 2010-2020 at, magkatuwang ng Carer Recognition Act 2010, na binuo bilang bahagi ng Australian Government's National Carer Recognition Framework.

Ang naunang Istratehiya ay pinalitan noong taon 2015 sa pagpapasimula ng Integrated Plan for Carer Support Services (na kilala sa tawag na Carer Gateway).

Simula noong mai-alis ang naunang Istratehiya, nagkaroon ng mga mahahalagang reporma sa mga malalaking pagbibigay ng serbisyo para sa mga taong may pangangailangan sa suporta kabilang ang pagpapatupad ng National Disability Insurance Scheme, Australia's Disability Strategy 2021-2031 at mga reporma sa pangangalaga ng matatanda. Ang lumalaking pokus sa nakasentro-sa-tao na pagpaplano at paghahatid ng serbisyo ay nagbabago kung paano nakikipag-ugnayan ang mga serbisyo sa pormal na pangsuporta sa mga taong gumagamit nito, ang kanilang mga pamilya, mga kaibigan at mga tagapag-alaga.




Iminumungkahi sa mga bilang ng populasyon (demographic projection) para sa darating na mga dekada na ang paghahabol (demand) sa pangangailangan para sa impormal na mga tagapag-alaga ay nakatayang lalago ng mga 23% sa pagitan ng 2020 at 2030. Ito ay nakabatay sa inaasahang pagbabago sa dami ng mga taong mayroong grabe o matinding kapansanan na nabubuhay sa komunidad (Deloitte, 2020). Nadadagdagan din ang dami ng matatandang Australyano (ABS 2022-base---2071).

Sa kaparehong panahon na lumalaki ang pangangailangan sa di-binabayarang tagapag-alaga ang antas sa pwersa ng trabaho na sinasalihan ng mga kababaihan – na binubuo lamang ng lampas sa dalawa-ng ikatlo (two-thirds) ng lahat ng mga tagapag-alaga - ay dumami rin (ABS, 2024). Itong mga kadahilanan ay patuloy na makakaapekto sa kakayahan ng

mga tagapag-alaga na pagsamahin ang hindi pormal na pangangalaga at may-bayad na trabaho at makakaimpluwesya sa ekonomikong partisipasyon ng mga tagapag-alaga.

Ang bagong Istratehiya ay magbibigay ng pambansang balangkas para sa pagtutuwangan ng patakaran ng tagapag-alaga sa kabuuang mga portpolyo ng Komonwelt, magbubukas ng landas para sa mas mahusay na suporta sa mga tagapag-alaga, sa ngayon at sa darating na hinaharap.

## Pampublikong Usapan at Komento na walang Kapangakuan ng Pamahalaan o Ministro

Ang pagbubuo ng bagong Pambansang Istratehiya sa Tagapag-alaga (National Carer Strategy) ay isang pagkakataon ng pagkakaroon ng pambansang pag-uusap tungkol sa kung paano masusuportahan ang mga tagapag-alaga sa Australya. Titingnan nitong diskusyon ang mga nagkakaiba't-ibang mga kalagayan ng mga tagapag-alaga, kabilang ang mga idibidwal na pangangailangan ng mga tagapag-alaga, ang mga pangangailangan ng mga taong inaalagaan, pagkakaroon ng mga makukuhang suporta sa mga liblib na lugar at kung paano namamani-obra (navigate) ng mga tagapag-alaga ang mga sistema ng serbisyong nagbibigay nitong mga suporta.

Hugis 1: Ang pagkakaiba't-iba ng mga tagapag-alaga sa Australya




## Ang sinasaklawan at mga mahahalagang pagpapalagay

**Datos**

Kinokolekta ang datos sa ilang mga pinagkukunan kabilang ang galing sa pambansang Sensus ng Populasyon at Pabahay sa Australya pati na ang Sarbey sa May-Kapansanan, Nagkaka-edad at Mga Tagapag-alaga (SDAC) na isinasagawa ng Australian Bureau of Statistics (ABS).

Ayon sa pinakabagong datos ng SDAC, sa loob ng 3.0 milyong di -binabayarang mga tagapag-alaga sa Australya, may mga 1.2 milyon (4.5% ng lahat na mga Australyano) ang kinukunsidirang pangunahing mga tagapag-alaga (ABS, 2022). Ito ay isang pagtaas ng mula sa 3.5% o may 861,600 na mga tao noong taong 2018. Sa loob nitong mga pangunahing tagapag-alaga, ang 43.8 por siyento ay tukoy na mayroong mga kapansanan sila mismo. Ipinapahiwatig ng datos ng SDAC na ang 67.7% ng mga pangunahing tagapag-alaga sa Australya ay mga kababaihan.

Ang Australian Institute ng Health at Welfare sa pag-aanalisa ng ABS Census ng Populasyon at Pabahay (2021) na datos, lumitaw na 76,600 (15%) ng Katutubong Australyano (Indigenous Australians) ay nasa edad 15 at higit pa ay mga tagapag-alaga.

Ang Carer Gateway ay isang sistema ng pambansang suporta sa tagapag-alaga ng Pamahalaang Australya at pangongolekta ng datos ng mga tagapagbigay ng serbisyo na nagpopokus ng atensyon sa pagkakaiba't-iba ng mga tagapag-alaga na nag-a-access sa mga serbisyo.

Nang pagsapit ng ika-30 ng Hunyo 2023, may 163,403 o 6 na por siyento ng mga tagapag-alaga sa Australya ay nakarehistro sa Carer Gateway (Palitan ng mga datos na data noong ika-30 ng Hunyo 2023). Sa loob ng 163,403 total na mga tagapag-alaga na nakarehistro sa Carer Gateway:

- Ang 122,233 na mga tagapag-alaga (o 75 por siyento) ay pawang mga babae
- Ang 9,013 na mga tagapag-alaga (o 6 na por siyento) ay nasa ibabang edad na 25 taong gulang
- Ang 6,733 na mga tagapag-alaga (o 4 na por siyento) ang nakatukoy bilang Mga Taong mula sa Unang Bansa (First Nations People)
- Ang 9,583 na mga tagapag-alaga (o 6 na por siyento) ay tinukoy na mga taong mula sa nagkakaiba't-ibang kinagisnang kultura at wika (CALD)

**May paggalang sa pagkakaiba't-iba**
Kikilalanin ng Istratehiya na ang mga tagapag-alaga sa buong Australya ay nagkakaiba't-iba sa kultura, relihiyon, wika, kakayahan, lokasyon at komposisyon ng pamilya pati na ang ating mga LGBTIQA+ na komunidad.

**Mga kabataang tagapag-alaga at matatandang tagapag-alaga**
Alam namin na ang mga tagapag-alaga ay pwedeng nasa anumang edad, na mga bata at kabataang adulto na mababa sa edad na 25 taong gulang ang tinutukoy na 'mga kabataang tagapag-alaga', at ang mga tagapag-alaga na 65 taong gulang at higit pa ay 'mga matatandang tagapag-alaga'.







Nang pagsapit ng taong 2022, sa loob ng 3.0 milyong di-binabayarang mga tagapag-alaga sa Australya, mayroong mahigit na 392,900 na mga kabataang tagapag-alaga at mahigit sa 758,000 na matatandang mga tagapag-alaga sa Australya (ABS, 2022). Itong pambansang pag-uusap ay magtitiyak na mas mauunawaan ng Istratehiya ang mga pangangailangan at pagkapambihira ng magkabilang panig ng ating mga kabataang tagapag-alaga at yaong mga mas matatanda.

## Mga tagapag-alaga na mula sa Mga Unang Bansa (First Nations carers)

**76,568 na mga tao**

**Binubuo ng mga 3.1% ay mga taong mula sa Mga Unang Bansa ang populasyon ng mga tagapag-alaga.**

Napag-alaman sa ABS Census ng Populasyon at Pabahay 2021 na ang mga taong mula sa Unang Bansa ay bumubuo ng mga 3.1% na populasyon ng tagapag-alaga, o mga 76,568 katao. Ang mga taong mula sa Unang Mga Bansa (First Nations) ay kalimitang nahaharap sa karagdagang mga paghamon sa pagtutukoy bilang isang tagapag-alaga (‘carer’) at paghahanap ng suporta sa pagganap nila bilang tagapag-alaga (FPDN, 2023). Gusto naming higit na maunawaan ang mga paghahamon na ito.

**Nagkakaiba't-ibang kultura at wika na mga tagapag-alaga**

Batay sa Australian Bureau of Statistics (2021) na datos sa census, ang proporsyon ng mga tagapag-alaga na ang ‘pangunahing wika sa bahay ay hindi Ingles’ ay tinatayang may 20.4% (binanggit ng University of Canberra mula sa 2021 na Census) habang ang 25%-30% ay nagmula sa mga CALD ang kinagisnan.

***Ano ang mga pagkakataon upang pahusayin ang iyong pang-araw-araw na buhay sa pamamagitan nitong istratehiya?***

**Mga sanga-sangang seksyon sa buong pamahalaan**

Magbibigay ng gabay at pagpapayo ang National Carer Strategy Advisory Committee hanggang sa matapos ang pagbubuo ng Istratehiya. Magpapatiyak ito na isinaalang-alang namin ang malawak na hanay ng mga karanasan at mga pananaw sa buong tanawin ng tagapag-alaga (carer landscape), na may kasamang pagkokunsultasyon ng publiko na masimulan sa buong Australya. Itong mga pambansang pag-uusap ay magbibigay kaalaman kung saang direksyon namin patatakbuhin ang aming mga pagsisikap upang makamit ang mga hangarin at magkabuo ng naaangkop na mga kalalabasan sa patakaran na magreresolba sa mga puwang.

Alam namin na ang mga tagapag-alaga ay kalimitang kailangang magpasikot-sikot (navigate) sa hanay ng mga kumplikadong sistema na kailangan nilang sabay-sabay na makipag-ugnayan sa maraming mga ahensya at tagapagbigay ng serbisyo. Sinabi sa amin ng mga tagapag-alaga na ang prosesong ito ay nakakaubos-oras at nakakadismaya.

Hahangarin ng Istratehiya na mapahusay para sa mga tagapag-alaga ang mga karanasan sa kabuuan nitong mga mahahalagang mekanismo ng suporta. Maaaring mapabilang dito ang mas magaling na pagtutuwangan ng patakaran sa kabuuang mga portpolyo ng Pamahalaan, mas epektibong pagbabahagi ng impormasyon, mas malakas na pag-uusap

sa kabuuang mga pamahalaan, mas tamang-pagkakahanay ng mga patakaran sa kabuuang mga ahensya ng Komonwelt at/o pag-aalis ng mga hindi kinakailangang mga hakbangin mula sa mga sistema hangga't magagawa.

Ang may magandang kahulugan na pagbabago ay nangangailangan ng pagtutulungan sa kabuuang Pamahalaan upang matukoy ang mga mahalagang suliranin. Ipagbibigay alam sa Istratehiya ang mga natutunan mula sa hanay ng mga inisyatiba ng pamahalaan katulad ng Closing the Gap, ang Royal Commission into Violence, Abuse, Neglect at Exploitation of People with Disability, the National Strategy to Achieve Gender Equality, ang National Autism Strategy at tatrabahuhin ang ekonomiya ng pangangalaga at suporta na ipinalabas ng Kagawaran ng Punong Ministro at ng Gabinete.

Titingnan ng Istratehiya ang mga mahalagang suliranin na nakakaapekto sa mga tagapag-alaga sa kabuuang hanay ng mga portpolyo ng Pamahalaan kabilang ang National Disability Insurance Agency, ang Department of Veterans Affairs at ang Department of Health and Aged Care.

***Nakaapekto ba sa iyo ang mga pagbabago sa sistema ng serbisyo bilang isang tagapag-alaga?***

***Ano ang makapagpapa-alwan sa mga tagapag-alaga upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan kapag nakikipag-ugnayan sa mga tagapagbigay ng serbisyo o mga proseso sa pamahalaan?***

# Seksyon 2: Ang kaso para sa isang bagong pambansang Istratehiya sa Tagapag-alaga

**Ang bagay na alam na namin**

Ang mga tagapag-alaga sa buong bansa ay nagbahagi ng kanilang mga nasa kaisipan tungo sa mga paghamon na kanilang naranasan sa kanilang pagganap ng gawaing pag-aalaga, ng kanilang kapakanan at ng kanilang mga komunidad sa pamamagitan ng malawak na hanay ng kamakailang mga pagkakataon ng pagkokunsultasyon, katulad ng mga royal commissions, mga pagsisiyasat, mga sarbey at mga pagpupulong. Hinahangad naming makapagsagawa ng bagay batay sa mga sinabi na sa amin ng mga tagapag-alaga upang magtulak ng mga pagpapahusay para sa mga tagapag-alaga, sa mga taong kanilang inaalagaan at sa kanilang mga komunidad.

Nasabi na sa amin ng mga tagapag-alaga at namuhunan na:

- Kailangang mabigyan ng mas matinding pagpapahalaga ang pagreresponde sa malawak na mga pangangailangan ng di- binabayarang mga tagapag-alaga.
- May pangangailangan na mas mabuting pagsamahin ang pormal at impormal na pangangalaga upang mapahusay ang kalalabasan para sa mga taong inaalagaan, halimbawa, gusto ng mga tagapag-alaga na kilalanin ang kanilang kahusayang naidudulot sa mas magaling na pagkakaunawa sa mga pangangailangan at mapagpipilian ng kanilang mga inaalagaan.
- Ang pambihirang mga karanasan at mga paghamon na dinanas ng mga taga-Mga Unang Bansa (First Nations) na tagapag-alaga at ng mga tagapag-alaga na nagmula sa iba't-ibang mga kultura at wikang kinagisnan na mga komunidad ay nangangailangan ng ligtas sa kultura at ipinasadyang mga serbisyo at suporta. Talagang mahalaga na isama ang mga pananaw at mga tinig ng mga taong mula sa Mga Unang Bansa (First Nations people) at iba pang mga nagkakaiba't-ibang mga komunidad sa pagbubuo ng mga patakaran, programa at mga suporta, nang sa gayon ay mas maunawaan at matugunan ang kanilang mga pambihirang pangangailangan.
- May pangangailangan para sa mga modelo ng pangangalaga at mga serbisyo sa isang tanging lugar lamang, na dinisenyo sa pakikipagtulungan ng mga komunidad ng tagapag-alaga, kabilang ang pangkalusugang pisikal at mental, pinansyal na kapakanan at pag-a-access sa may-pahingang pangangalaga.
- Ang pagpapasimple at pagpapabago sa mga balakid ng pamamahala ay makakatulong sa mga tagapag-alaga na mas mahusay na imani-obra (navigate) ang mga sistema na kailangan nilang i-access upang magampanan nila ang kanilang mga trabaho.

**Kagalingan**

Ipinapakita ng ebidensya na ang mga tagapag-alaga ay nakakaranas ng hanay na mga negatibong epekto sa kanilang kapakanan, kalimitang tinaguriang ang “pasanin sa pangangalaga” (“burden of caring”). Ang oras na kinapapalooban sa pagbibigay ng pangangalaga sa ibang tao ay nakakabawas sa oras na magagamit ng tagapag-alaga para sa pagkaka-empleyo, edukasyon, pakikipagsosyalan at pangangalaga sa sarili (Sarbey sa Kapakanan ng Tagapag-alaga, 2022) (Carer Wellbeing Survey, 2022). Ipinahihiwatig ng ebidensya na ang mga tagapag-alaga ay maaaring ipinauuna ang kapakanan ng mga taong kanilang inaalagaan kaysa sa sarili nilang kalusugan at kapakanan. Maaari itong magresulta na napapabayaan ng tagapag-alaga ang mga akitibidad para sa pangangalaga-sa-sarili, na mahalaga para mamentena ang magandang kalusugan, kagaya ng regular na mga pagpapa-check-up, ehersisyo, pagkain ng balanseng

diyeta, pagkakaroon ng tamang oras sa pagtulog, sosyal na pakikipag-ugnayan, pakikipagkoneksyon at suporta (Carers Wellbeing Survey, 2023).

Ang kapakanan at kaligtasan ng mga tagapag-alaga sa Australya ay nananatiling nasa unahang pag-iisip para sa Pamahalaan. Maraming mga panggagalingang sanhi na magdudulot sa tagapag-alaga ng pagkabalisa (stress) at pobreng kalusugan sa kaisipan. Maging anupaman ang sitwasyon, kung ang tagapag-alaga o ang taong tumatanggap ng pangangalaga ay nangangailangan ng tulong, kalimitan ay mayroong makukuhang hanay ng mga serbisyong pang-ispesyalistang suporta. Upang maipagpatuloy ang pagreresolba sa mga paghamon na kinakaharap ng mga tagapag-alaga, pakay namin na pahusayin ang pagkaunawa ng magkabilang panig sa kung ano ang pangangalaga, sino ang posibleng tao na di-binabayarang tagapag-alaga, at kung ano ang naririyan na makukuha (available) para masuportahan at mabigyang-pansin ang mahalagang kontribusyon na ibinibigay ng di- binabayarang tagapag-alaga. Ang mga pagsisikap ng mga di-binabayarang mga tagapag-alaga sa ating komunidad sa pagdudulot ng mahalagang pag-aalalay sa mga indibidwal na may mga kapansanan, di-gumagaling na mga sakit at sa mga matatanda ay kalimitang mahalaga sa pagbibigay kakayahan doon sa mga indibidwal upang manatiling naninirahan sa kanilang sariling pamamahay at komunidad.

Ang kakulangan ng pagbibigay-pansin sa ginagampanang papel ng pag-aalaga at ang epekto nito ay patuloy na pinupulaan bilang isang pinabayaang dahilan sa pagbubuo ng bagay. Ang pag-access sa angkop at nasa-tamang-oras na mga serbisyo kabilang ang mga kaayusan sa maipapalit na pangangalaga na makapagbibigay ng sapat na pahingang-oras mula sa trabahong pangangalaga ay maaaring mahalagang sanhi sa pagsusuporta sa kalusugan at kapakanan ng mga tagapag-alaga.

### Pag-access sa mga serbisyo

Napag-alaman sa *Carer Wellbeing Survey 2023* na ang mga tagapag-alaga ay nag-access sa hanay ng mga suporta at serbisyo kabilang ang edukasyon at pagsasanay, mga grupong pangsuporta sa lipunan at may-pahingang pangangalaga. Ipinapakita sa pananaliksik na ang ilang klase ng mga suporta ay may malakas at patuloy na positibong epekto para sa mga tagapag-alaga kabilang ang may-pahingang pangangalaga, nai-aangkop na kaayusan sa oras ng trabaho, sikolohikal na terapiya, mga pakikihalo sa pagsasanay at edukasyon at mga grupong pangsuporta. Subali't, ang mga tagapag-alaga ay nahaharap sa mga balakid at paghamon sa pag-access at pagpapasikot-sikot nitong mga serbisyo kabilang ang mga prosesong pang-administratiba. Ipinapakita ng pananaliksik na ang mga balakid ay nakakaapekto ng kakaiba sa kapwa kasamahan sa trabaho, kabilang ang mga tagapag-alaga na nasa rehiyonal at liblib na mga lugar, mga tagapag-alaga ng taong inaalagaan na may mga kumplikadong pangangailangan at mga tagapag-alaga na may pangbiyaheng gamit, pang-access at mga balakid sa wika (Carers Wellbeing Survey, 2022).

Dagdag pa rito, nagpanukala kamakailan lang ang Standing Committee on Social Policy and Legal Affairs ng Mababang Kapulungan (House of Representatives Standing Committee on Social Policy and Legal Affairs) ng ulat sa pagsisiyasat nito ukol sa pagbibigay-pansin sa di-binabayarang mga tagapag-alaga; *Pagkikilala, pagpapahalaga at pagsusuporta sa di-binabayarang mga tagapag-alaga (aph.gov.au)* (2024). Sinuri ng Komite ang mga paghamon kinaharap ng mga di-binabayarang tagapag-alaga at ang mga mapagpipilian para maipabago. Ang ulat ay naglaman ng 22 na mga rekomendasyon pati na ang kakailanganing pagpapadagdag ng pokus sa mga menor na grupo kabilang ngunit hindi limitado sa mga tagapag-alaga na mula sa Mga Unang Bansa (First Nations), mula sa mga nagkakaiba't-ibang kultura at wika na kinagisnan (CALD) at mga kabataang tagapag-alaga.

### Mga taong mula sa Mga Unang Bansa (First Nations people)

Nagsagawa ang Paaralan ng Kalusugan at Kapakanan ng Australya (Australian Institute of Health and Welfare) ng pag-aanalisa sa *ABS Census of Population and Housing 2021 (2023)*. Ipinapakita sa datos na ang mga taong mula sa First

Nations na nasa edad 15 taon at pataas ay lubos na kasangkot sa di-binabayarang pagbibigay ng pangangalaga, na may 15% ng Mga Katutubong Australyano ang kasangkot. Ang mga taong mula sa First Nations ay 1.3 mga beses na lalong sasabak sa di-binabayarang pangangalaga kumpara sa mga hindi Katutubong Australyano at ginagawa ang pagbibigay ng pangangalaga sa kabataang mga edad (AIHW, 2023). Ang mga tagapag-alaga na mula sa First Nations ay nahaharap sa mga pambihirang paghamon na karagdagan pa sa papalubog na kapakanan, problema sa pananalapi at mababang antas sa bilang ng pakikisali sa pwersa ng magtatrabaho (Carer Wellbeing Survey, 2023). Halimbawa, kapuna-puna ang mga hindi pagkabalanse sa edukasyon ng mga tagapag-alaga na mula sa First Nations sa mga liblib at pambukid na mga lugar (LoGiudice at ibapa., 2021), at may mas mataas na paglaganap ng maagang pagkakaroon ng mga sakit at kapansanan na mangangailangan ng suporta (Hill *at iba pa.,* 2012).

**Mga tagapag-alaga na nagmula sa nagkakaiba't-ibang mga kultura at wika na kinagisnan (Culturally and linguistically diverse) (CALD)**

Sa pamamagitan ng mga aktibidad ng pagkokunsultasyon, ang mga tagapag-alaga na nagmula sa nagkakaiba't-ibang kultura at wika na kinagisnan ay nagsabi sa amin na ang mas mabuting pangsuporta sa mga tagapag-alagang CALD ay mangangailangan ng kaalaman kung paano mauunawan ng iba't-ibang komunidad ang tungkol sa pangangalaga at ang karagdagang mga balakid na haharapin nitong mga tagapag-alaga sa paggawa ng kanilang ginagampanan na trabahong pag-aalaga at sa pag-a-access sa mga suporta. Ang binagong pokus sa pagbabawas nitong mga balakid sa pamamagitan ng pagpapalawak ng kamalayan at tinumbok na mga suporta ay magpapahusay at makakatulong sa mas mabuting paghahadlang na pangangalaga ng kalusugan sa kaisipan pati na ang mas mahusay na kalalabasan sa kapakanan ng mga CALD na tagapag-alaga.

**Mga kabataang tagapag-alaga**

Ang mga kabataang tagapag-alaga ay may mahalagang ginagampanang papel sa komunidad ng tagapag-alaga. Iniulat ng mga kabataang tagapag-alaga na nakaranas sila ng matinding epekto sa kanilang kapakanan, edukasyon at pakikisali sa pwersa ng trabaho (Mohanty and Niyonsenga, 2021). Napakamahalaga na bigyang-pansin at mas mahusay na suportahan ang mga di-binabayarang kabataang tagapag-alaga. Kabilang dito ang pagpapalawak ng kamalayan tungkol sa kanilang mga ginagampanan at naidudulot (contribution) bilang mga tagapag-alaga sa loob ng kanilang komunidad, pagbibigay ng mga pagsasanay, pagpapahusay ng kamalayan sa sistema ng edukasyon at pagpapahusay ng pagkaunawa sa ginagampanang papel ng isang kabataang tagapag-alaga.

**LGBTQIA+ na mga tapag-alaga**

May kakulangan ng kasang-ayon na pambansang datos tungkol sa mga taong napapabilang sa LGBTQIA+ na nagbibigay ng pangangalaga. Ang bagong komento ay nagpapakita na ang mga tagapag-alaga na LGBTQIA+ ay nakakaranas ng dagdag na mga paghamon sa kanilang ginagampanang papel ng pangangalaga, kabilang ang pagkaranas ng lumalalang napag-iisa sa lipunan, diskriminasyon, (lalo na sa pag-a-access ng mga suporta at serbisyo na hindi mapangkupkop), ang kakulangan ng pagkilala sa pagkatao (identity) o karanasan (Mental Health Carers NSW, 2024), at ang patuloy na pagdalusdos ng kapakanan (Carer Wellbeing Survey, 2023). Ang mga hadlang na nakatutok sa LGBTQIA+ na mga tagapag-alaga ay maaaring harapin sa pamamagitan ng mas nakatukoy na pinangungunahan ng kasamang grupo at naaangkop sa kultura na mga mapangkupkop na suporta; at pagtataguyod ng mas mahusay na kamalayan sa pagkapambihirang karanasan ng mga tagapag-alaga na mula sa LGBTQIA+.

# Seksyon 3: Ang iyong mga pananaw

**Ang susunod na mga hakbang**

Sa pamamagitan ng darating na mga pagkokunsultasyon sa komunidad at sektor, hinahangad namin na mas maunawaan ang mga mahahalagang paghamon na nararanasan ng mga tagapag-alaga at maggalugad ng mga ideya para sa mga solusyon na magpapahusay sa mga buhay ng mga tagapag-alaga at ng mga taong kanilang sinusuportahan.

Ang susunod na seksyon ay mag-aanyaya sa iyo na sumagot sa hanay ng mga tanong. Malugod kang pinasasalamatan na sumagot sa ilan o sa lahat ng mga tanong o magbigay ng anumang balikpuna kung sa palagay mo ay dapat na kunsiderahin sa pagbubuo ng Istratehiya. Ito ay magpapatiyak na ang Istratehiya ay kumakatawan sa mga pananaw ng halos sa karamihang mga tao hangga't maaari.

Itong pampublikong usapan at komento ay bahagi ng isang pambansang proseso ng pagkokunsultasyon. Pakibisita ang website ng Kagawaran ng Mga Serbisyong Panlipunan (Department of Social Services) upang malaman kung paano ka magpapatuloy na kasangkot sa kabuuan nitong proseso ng pagkokunsultasyon.

Pinapanukalang komposisyon ng Pambansang Istratehiya sa Tagapag-alaga (National Carer Strategy)

Kabilang sa pinapanukalang komposisyon ng Istratehiya ay ang mga gumagabay na tuntunin, isang pambansang pananaw, mga hinahangad na kalalabasan, mga prayoridad sa patakaran at mga pangsenyales na magsusukat ng tagumpay sa hinaharap kumpara sa mga kalalabasan at mga may prayoridad na babaguhing mga lugar.

**Pahayag ng hangarin**

Ang pahayag ng hangarin para sa Pambansang Istratehiya sa Tagapag-alaga (National Carer Strategy) ay magkatuwang na binuo ng mga tagapag-alaga na nagmula sa nagkakaiba't-ibang kultura at wika na kinagisnan, na nagkaroon ng tunay-na-buhay na karanasan at mga lokasyon sa buong Australya. Itinatag ng pahayag ng hangarin ang napakamahalagang mga pinapangarap at hinahangad na magiging kalalabasan para sa Istratehiya.

> ***'Ang aming hangarin ay para sa isang Australyanong komunidad na kinikilala ang lahat ng mga tagapag-alaga, pinahahalagahan at binibigyang kakayahan sa pamamagitan ng suportang kanilang kailangan upang lubos na makasali sa lipunan at magampanan nila ang kanilang trabaho sa pag-aalaga.'***

**Mga Prinsipyo ng Istratehiya**

Bubuuin ang isang itinakdang mga tuntunin upang gumabay sa patakaran at iminungkahing ipapatupad sa hinaharap sa ilalim ng Istratehiya. Makakabilang sa gumagabay na mga tuntunin ang mga bagay na katulad ng pagiging pokus sa tagapag-alaga, pakikinig sa mga pananaw ng mga tagapag-alaga at pagiging mapangkupkop sa mga tagapag-alaga na nagmula sa nagkaiba't-ibang kultura at wika na kinagisnan. Maaari din nilang kunsiderahin ang mga pangangailangan ng mga tagapag-alaga sa buong sistema ng pagseserbisyo at sa pagdaan ng panahon.

Sa pamamagitan ng pagkokunsultasyon, ang mga namuhunan ay may pagkakataong magmungkahi ng mga ideya para sa mga tuntunin na gagabay sa Istratehiya. Itong mga ideya ay maaaring imungkahi na nakasangguni sa isang hangarin, sa isang kalalabasan o isang prayoridad na gagawin para sa Istratehiya. Ito ay maaaring isang pangmaikli o pangmatagalang mga dapat na aksyunang lugar.

Tanong:

1. Anong mga tuntunin ang sa palagay mo ay dapat nasa Pambansang Istratehiya sa Tagapa-alaga (National Carer Strategy)?

**Ano ang anyo ng iyong ginagampanang trabaho bilang tagapag-alaga?**

Nagbibigay ng suporta at tulong ang mga tagapag-alaga sa kanilang pang-araw-araw na aktibidad kagaya ng paghahanda ng pagkain, personal na pangangalaga, tulong sa paggalaw-galaw, transportasyon, suporta sa pagpapasya, pagpapainom ng gamot, pangangasiwa ng pinansya, hindi nagpaparaya sa pagkabalisa, pangangasiwa sa lagay ng kalooban at pangangasiwa ng krisis. Ang ilang mga tao ay nagbibigay ng pag-aalaga sa lahat ng oras habang ang iba naman ay kung minsan lang. Ang ilang mga tagapag-alaga ay nag-aasikaso sa kalimitang nakapagsasarili pa na mga tao ngunit kailangan ng kaunting tulong sa mga gawain tulad ng pagbabangko, pagtransportasyon, pamimili o gawaing bahay. Ang bawa't sitwasyon ay magkakaiba. Ang ilang mga tao ay maaaring mangailangan ng praktikal na suporta katulad ng pagsasanay at pagbubuo ng kasanayan upang matulungan sila sa kanilang trabaho sa pangangalaga.

Mga tanong:

2. Ano ang kasangkot sa iyong ginagampanang pag-aalaga o ano ito sa tingin mo?
    a. Ikaw ba ay pangunahing tagapag-alaga? At mayroon ka bang pangalawang alalay, katulad ng kasamang kamag-anak sa bahay na nagbibigay ng ilang tulong sa pag-aalaga?
3. Anong karagdagang mga suporta at/o mga kasanayan ang kailangan mo o gusto mong matutunan upang makatulong sa iyo o suportahan ka sa iyong ginagampanang trabaho sa pag-aalaga?

**Suporta para sa mga tagapag-alaga**

Magkakaiba't-iba ang mga pangangailangan ng mga di- binabayarang tagapag-alaga at kalimitan ay nakadepende sa ilang mga dahilan. Maari itong kakaiba depende sa kalimitan o katindi ng mga kaayusan sa pangangalaga ng indibidwal, tulad nang ang ilang mga tagapag-alaga ay nagbibigay ng pangangalaga at nakapagtatrabaho pa rin ng iba. Ang ilan ay maaaring hindi lang siya ang taong nagbibigay nitong pag-aalaga o hindi sila nagbibigay ng pangangalaga sa araw-araw. May mga hanay ng suporta at serbisyong makukuha na sadyang tanging ibinibigay para sa mga tagapag-alaga. Makukuha ang harap-harapan, online at sa pamamagitan ng telepono na mga serbisyo sa buong Australya para sa sinuman na di-binabayarang tagapag-alaga. Maihahatid ang mga praktikal na suporta at serbisyo ng direkta sa iyo o sa pamamagitan ng ibang organisasyon halimbawa, paglilinis, paghahardin, pangtransportasyon at may-pahingang pangangalaga.

Mga tanong:

4. Alam mo ba kung anong mga serbisyo ang makukuha para masuportahan ka sa iyong ginagampanang trabaho sa pag-aalaga?
    a. Alam mo ba kung paano hanapin at mag-access ng mga suporta para sa tagapag-alaga?
    b. Nakagamit ka na ba ng anumang mga suporta o serbisyo para sa tagapag-alaga nitong mga nakaraang panahon?
5. Kung nakapag-access ka sa mga serbisyong ito, ano ang gumana para sa iyo o saan ka nakaranas ng mga paghamon?

**May-pahinga**

Ang ‘may-pahinga’ (‘respite’) o ‘may-pahingang pangangalaga’ (‘respite care’) ay kung may ibang tao na nag-aalaga sa taong iyong inaalagaan, para ikaw naman ay magkaroon ng pahinga. Ang isang pahinga ay magbibigay sa iyo ng oras para magawa mo ang ibang pang-araw-araw na mga aktibidad o para makapag-relax, harapin ang pagkabalisa (stress) at asikasuhin ang iyong sarili. Ang may-pahingang pangangalaga ay maaaring ibigay ng pamilya o mga kaibigan o ng isang may-pahingang serbisyo. Maaari itong maikling panahon o pangmatagalang panahon, pati na pagpalipas ng gabi. Maaari mo ring i-access ang pangdagliang may-pahingang pangangalaga sa maikling pasabi kung sakaling hindi ka

makapagbigay ng pag-aalaga, halimbawa, kung nagkasakit o nagkapinsala ka. Kung isa kang tagapag-alaga, mahalagang maglaan ng regular na oras para sa iyong sarili upang magpahinga at magpalakas na muli. Ang may-pahinga (respite) ay makakasuporta sa iyo upang patuloy mong magampanan ang gawain bilang isang tagapag-alaga.

Ipinakita ng 2023 Carers Wellbeing na Sarbey na ang may-pahingang pangangalaga (respite care) ay makakabawas ng sobrang pagtatrabaho (burnout), pagkabalisa (stress) at pagkapagod (fatigue), at magbibigay ng oras para sa mahalagang gawain na pag-aasikaso sa sarili at mga aktibidad na pangsosyal. Ang nababagay na pormal na pangangalaga ay maaaring napakamahalaga para sa ilang mga tagapag-alaga na may pambihira o nagkakaibang pangangailangan katulad ng kabataang tagapag-alaga na kailangan ang oras para sa edukasyon at mga aktibidad na pagsososyalan upang masuportahan ang kanilang pag-unlad. Nauunawaan namin ang katagang ‘respite’ ay maaaring hindi ginugustong kataga ng maraming tao, at kami ay interesadong matuto tungkol dito.

Mga tanong:

6. May kamalayan kami na ang ilang mga tagapag-alaga ay hindi pumapayag na maiwanan ang kanilang mahal sa buhay sa ibang tao dahil sa pagkakumplikado ng kinakailangang pangangalaga. Ano ang naging hadlang sa iyo para ma-access ang respite at anong karagdagang suporta ang kailangan para maibsan ang iyong pag-aatubili na ma-access ang respite sa hinaharap?

7. Ano sa palagay mo ang nababagay na mga kaayusan para sa kapalit na pangangalaga para sa iyo?

**Pagkaka-empleyo at edukasyon**

Ang mga hinihinging paghahabol (demand) sa pagbibigay ng pag-aalaga sa ibang tao ay naglilimita sa natitirang oras para sa mga tagapag-alaga upang makapag-empleyo, makapag-aral, makipagsosyalan at sariling-pag-aalaga (Carer Wellbeing Survey, 2022). Mapaghamon ang pagbabalanse ng mga tungkulin sa pag-aalaga at pagkuha ng edukasyon at pagkakaroon ng trabahong mapapasukan. Napapareho naman, ang pagtransisyon sa buhay may-trabaho ay mahirap para makasama-sa-buhay ang mga tungkulin sa pag-aalaga.

Ang mga suporta at serbisyo na maa-access sa buong buhay ng pag-aalaga ay maaaring maging malawakan ang pagkakaiba. Sa iba't-ibang mga pagkakataon, ang mga pangangailangan sa pangangalaga ay maaaring magbago at makakaapekto sa kakayahan ng isang tagapag-alaga na makapagtrabaho ng iba at o makapag-aral.

Itong kamakailang mga pagkokunsultasyon ay may nakitang sa pagbabalanse ng tungkulin sa pag-aalaga at mga kailangang gawain para sa paaralan ng mga kabataang tagapag-alaga ay kalimitang nauuwi sa pagkaliban ng pagpasok, mababang grado ang nakukuha sa pag-aaral at nagiging limitado ang mga pagkakataon para sa mas mataas na edukasyon. Na mas malawak pa, narinig din namin na ang nai-aangkop na mga kaayusan sa paaralan at trabaho ay nakakadagdag sa kapasidad ng tagapag-alaga at nasusuportahan ang kanilang ekonomiko at sosyal na pakikisali. Napapareho naman, nakakadagdag sa partisipasyon ang pagkakaroon ng mga pagsasanay at edukasyon.

Ang Inisyatibang Napapabilang-ang Tagapag-alaga sa Lugar ng Trabaho (Carer-Inclusive Workplace Initiative) ay nilikha upang kilalanin ang mahalagang mga naidudulot (contributions) ng mga tagapag-alaga at naglilikha ng mas lalong napapabilang, mapagsuportang lugar ng trabaho para doon sa mga nagbibigay ng di-binabayarang pag-aalaga sa komunidad. Gusto naming matukoy at matutunan ang tungkol sa mga suporta at serbisyo sa lugar ng trabaho o paaralan na naging may benepisyo para sa iyo.

Mga tanong:

8. Anong mga pagpapalakad sa trabaho (work practice) na napapabilang ang tagapag-alaga (carer-inclusive) ang magbibigay benepisyo sa iyong lugar ng trabaho o paaralan?

9. Anong klaseng tulong ang makukuha mo sa lugar ng iyong edukasyon o sa lugar ng iyong trabaho na sa palagay mo ay nakakatulong?
10. Paano namin masusuportahan ng pinakamabuti ang mga tagapag-alaga para manatili o muling makapasok sa trabaho o makapasok sa sistema ng edukasyon?

**Mga prayoridad**

Ang pagiging di- binabayarang tagapag-alaga ay may masidhing epekto sa pakikipagrelasyon. Ang mga dagdag na tungkulin, mga pagbabago sa pagtaas-baba sa buhay (ups and downs) at ang pisikal at emosyonal na kakailanganin sa pagiging isang tagapag-alaga ay nauuuwi sa pagkabagabag (stress), pagkapagod at sama ng loob. Maaari nitong baguhin ang klase ng iyong mga pakikipagrelasyon, lalo na kung may nangyaring pagkakabaligtad ng sitwasyon, halimbawa kung ang anak ngayon ang magbibigay ng pag-aalaga para sa isang magulang o ang asawa ang mag-aalaga sa kanilang kapartner. Hindi nagkakapareho ang dalawang ginagampanang trabaho sa pag-aalaga. Nais naming mas maunawaan kung ano sa iyo bilang isang indibidwal ang palagay mong mas mahalagang prayoridad sa iyong ginagampangang trabaho sa pag-aalaga.

Mga tanong:

11. Ano ang tatlong pinakamapaghamon na bagay ang nakaharap mo bilang isang tagapag-alaga?
12. Ano ang maituturing mong mga pinakamalaking pagkakataon para mapahusay ang mga buhay ng mga tagapag-alaga at mga buhay ng taong kanilang sinusuportahan?

**Suporta ng kapwa tagapag-alaga**

Ang mga pangsuportang grupo ng kapwa tagapag-alaga (peer support groups) ay nakakatulong sa pagbibigay ng pagkakataon para pag-usapan sa iba pang mga tagapag-alaga ang tungkol sa mga kabahaging karanasan.
Ang peer-to-peer na suporta ay nakapagbibigay ng kakaibang klase ng suporta, mula sa mahalagang impormasyon, hanggang sa mga kabahagiang karanasan at pagpapayo, hanggang sa pagsasamahan at pagiging magkaibigan.

Ang suportang kapwa tagapag-alaga (peer support) ay maaaring praktikal na suporta, pagtulong sa mga bagay katulad ng mga paraan sa pagpapatupad at pagmementena ng mga epektibong pamamaraan sa pagharap sa mga natatanging sitwasyon, halimbawa, pamamaraan sa pagpapainom ng gamot, ang dapat gawin sa pagharap sa sitwasyon ng may sakit sa kaisipan at iba pa. Maaaring ito ay emosyonal na pagsuporta at maaaring makatulong sa iyong pagharap sa pagkakumplikasyon ng sitwasyon na iyong kinalalagyan. Marami sa mga tagapag-alaga ang nakakasagap ng mahalagang kaalaman at suporta para mas mahusay nilang mamaniobra ang takbo ng komunidad at mga serbisyo.

Ang peer support ay maaaring makatulong sa mga tagapag-alaga na magkaroon ng mga koneksyon sa mga bagong taong kakilala, mga grupo at mga serbisyo.

Mga tanong:

13. Nakapag-access ka ba ng mga suporta ng kapwa tagapag-alaga (peer support)? Ano ang sa palagay mong mas may benepisyo o matutukoy mo ba kung anong mga lugar ang dapat na pahusayin?

**Pagmumuni-muni sa lahat ng mga tagapag-alaga**

Alam namin na ang ilang mga grupo o mga tao ay nagkakaroon ng paghamon sa pakikipag-ugnayan sa proseso ng pamahalaan o mga serbisyo at dagdag na nahaharap pa sa mga balakid na hindi nangyayari sa ibang mga tagapag-alaga katulad ng mga balakid sa wika, mababang kaalaman sa teknolohiyang digital, kamalayan sa kultura, makukuhanan ng pinasadyang mga serbisyo o lokasyon.

Itong mga nagkakaiba't-ibang grupo ay kinabibilangan ng ngunit hindi limitado sa:

- Mga taong mula sa Mga Unang Bansa (First Nations people)
- Mga tagapag-alaga sa mga komunidad na mula sa magkakaiba't-ibang kultura at wika ang kinagisnan – kabilang ang nagmula sa mga kinagisnang maramihang kultura at refugee na pinagmulan
- Mga tagapag-alaga sa rehiyonal, kabukiran at liblib na mga lugar
- Mga tagapag-alaga na tumutukoy bilang, o nag- aalaga sa mga taong nagpapakilala bilang LGBTQIA+
- Mga kabataang tagapag-alaga
- Mga matatandang tagapag-alaga

Mga tanong:

14. Gusto mo bang makitang maisama ang iyong mga karanasan sa Istratehiya.
15. Kung kabilang ka sa isang grupong may pagkakaiba't-iba (diverse), anong mga pagkakataon ang nakikita mo sa Istratehiya para pahusayin ang access sa mga suporta at impormasyon sa iyong komunidad? (halimbawa, may natukoy ka bang puwang (gap) o paghamon (challenge) sa pagtanggap ng suporta at/o impormasyon para sa iyong natatanging diverse na komunidad at ano ang dapat kunsiderahin ng Pamahalaan sa pagpaparesolba ng suliranin).
16. Ano ang ilang mga prayoridad na maaaring makakatulong o mapahusay ang karanasan ng mga tagapag-alaga sa loob ng iyong komunidad?

**Mga bayad**

Nagbibigay ng mga bayad ang Pamahalaang Australya sa pamamagitan ng social security system upang masuportahan ang mga tagapag-alaga na hindi makasuporta sa kanilang mga sarili sa pamamagitan ng may-bayad na pagtatrabaho dahil sa mga maraming pangangailangan sa kanilang gawain sa pag-aalaga.

Ang Carer Payment at Carer Allowance ay tuwing dalawang linggo na bayad ng social security para matulungan ang mga taong nagbibigay ng pag-aalaga sa pribadong tahanan ng isang tao na may kapansanan, may sakit o mahina na dahil sa katandaang edad. Ang mga pension, kabilang ang Carer Payment, ay karaniwang ibinabayad batay sa pinakamataas na antas na utos ng batas bilang pangsuporta sa kinikita sa sistema ng social security sa Australya. Itong mga bayad ay naka-index sa Marso at Setyembre bawa't taon batay sa Consumer Price Index upang mai-ugma sa mga pagtaas ng gastos sa pagpapalakad ng kabuhayan.

Sa 2024-25 na Budget, ang Pamahalaang Australya ay mamumuhunan ng $18.6 milyon sa dadaang 5 taon para mabigyan ang mga tagapag-alaga ng mas malaking naibabagay na gawin at mapagpipilian para bigyang-kaayusan ang kanilang mga pangangailangan sa trabaho sa paligid ng kanilang ginagampanang pag-aalaga, sa pamamagitan ng pagpapalit ng patakarang 25 oras kada linggo para sa mga tumatanggap ng Carer Payment at sa halip ay gagawing papataas ng 100 oras sa tinakbong 4 na linggong panahon ng pagtutuos. Itong pagbabago ay magsusulong ng partisipasyon sa kapwersahan ng trabaho na gagawing 25-na oras ng partisipasyong patakaran na maging mas naiuugma (more flexible) at tinatanggal ang mga pagbabawal sa pag-aaral at mga boluntaryong aktibidad. May mga 31,000 na mga taong tumatanggap ng bayad na Carer Payment ang kasalukuyang may ginagawang trabaho at maaaring magkaroon ng pakinabang dahil sa may kakayahang magtrabaho pa sa naiuugmang paraan (kabilang ang mga 25,000 na kababaihan).

Kasalukuyang nirerepaso ng Department of Social Services upang mabigyang kunsiderasyon ang makabagong naiaakma (suitability) at may kaangkupan (appropriateness) ng mga proseso sa pagtatasa para sa bayad ng tagapag-alaga sa social security system. Ito ay kasangkot sa pakikipag-ugnayan ang mga namuhunan at ang isang pagrerepaso sa mga ginagamit na pagtatasa (asessment tools), mga proseso at mga kinakailangan sa proseso ng pagsalang ng aplikasyon para sa isang bagong bayad sa tagapag-alaga.

Mga tanong:

17. Mayroon ka bang anumang mga pananaw kung paano gumagana ang proseso ng pagtatasa para sa bayad ng tagapag-alaga sa social security system?
    a. Mayroon ka bang anumang mga paraan na magagawa nating mas madali para sa mga tagapag-alaga na maipakita nilang kwalipikado sila para sa bayad?
    b. Anong mga balakid ang iyong naranasan sa pagpapatunay na kwalipikado ka sa bayad na dapat kaming magkaroon ng kamalayan?

**Iba pang mga serbisyo**

Nitong kamakailang nagdaang mga taon, nakaranas ang Australya ng mga kaganapan sa sakuna kagaya ng mga bagyo, mga pagbabaha, mga sunog at mga paglindol. Magiging mapaghamon ang paghahanap para sa suporta sa mga ganitong panahon at ang mga pagpapatupad ng pagtugon sa emerhensya ay nagkakaiba, kumplikado at mabilisan depende sa kung anong klase ang emerhensya.

Mga tanong:

18. Nangailangan ka na ba ng pang-emergency na tulong o pang-emergency na mga suporta sa iyong kapasidad bilang isang tagapag-alaga?
    a. Nakaranas ka ba ng mga balakid sa pag-a-access nitong mga pang-emergency na mga suporta dahil sa iyong ginagampanang trabaho bilang isang tagapag-alaga?
    b. Nakatugon ba nang sapat ang pang-emergency na mga suporta sa iyong pangangailangan at sa mga pangangailangan ng taong iyong inaalagaan (halimbawa, mayroon bang pang-access sa wheelchair papunta sa emergency evacuation points; access sa mga tahimik na lugar para sa mga neurodiverse na tao)?
    c. Gusto mo bang ibahagi ang iyong karanasan?

**Ibahagi ang iyong karanasan:**

19. May iba pa bang bagay na gusto mong sabihin sa amin?

National Carer Strategy

## Sanggunian


ABS (Australian Bureau of Statistics) (2022) *Disability, Ageing and Carers*, ABS website, accessed 4 July 2024, https://www.abs.gov.au/statistics/health/disability/disability-ageing-and-carers-australia-summary-findings/2022

ABS (Australian Bureau of Statistics) (2018) *Disability, Ageing and Carers*, ABS website, accessed 12 July 2023. https://www.abs.gov.au/statistics/health/disability/disability-ageing-and-carers-australia-summary-findings/latest-release#carers

Australian Bureau of Statistics 2022-base---2071, *Population Projections, Australia*, ABS, viewed 4 April 2024, https://www.abs.gov.au/statistics/people/population/population-projections-australia/latest-release.

Australian Bureau of Statistics 2021, *Population and Housing*, ABS website, accessed 11 July 2023.

Australian Bureau of Statistics 2024, *Labour Force, Australia*, ABS, viewed 4 April 2024, https://www.abs.gov.au/statistics/labour/employment-and-unemployment/labour-force-australia/latest-release

AIHW (Australian Institute of Health and Welfare) and NIAA (National Indigenous Australians Agency) (2023) 'Health Status and Outcomes: 1.14 Disability', *Aboriginal and Torres Strait Islander Health Performance Framework,* AIHW and NIAA, Australian Government, accessed 11 July 2023.

Carers NSW (2023) 2022 National Carer Survey: Aboriginal and Torres Strait Islander Carers [PDF 138.82KB], fact sheet, accessed 11 July 2023.

Deloitte Access Economics (2020) *The Value of Informal Care in 2020*, *Carers Australia*, accessed 4 April 2024.

First Peoples Disability Network Australia (FPDN) (2023) *Disability Sector Strengthening Plan*, closingthegap.gov.au

Hill T, Cass B, Newton B and Valentine K (2012) *Indigenous Carers*, Department of Social Services

Standing Committee on Social Policy and Legal Affairs (27 March 2024) *Recognising, valuing and supporting unpaid carers*, Recognising, valuing and supporting unpaid carers – Parliament of Australia (aph.gov.au)

LoGiudice D, Josif CM, Malay R, Smith K, Hyde Z, Haswell M, Lindemann MA, Etherton-Beer C, Atkinson D, Bessarab D, Flicker L (2021) 'The Well-being of Carers of Older Aboriginal People Living in the Kimberley Region of Remote Western Australia: Empowerment, Depression, and Carer Burden', *Journal of Applied Gerontology*, 40(7), 693-702, doi: 10.1177/07334648198986.

Mohanty I, Niyongsenga, T 'Young Carers and their mental health', *The Lancet* Regional Health Western Pacific, Volume 16, 100304, DOI: https://doi.org/10.1016/j.lanwpc.2021.100304.

Schirmer, Mylek and Miranti (2022) *Carer Wellbeing Survey: Full Data Report*, Carers Australia, accessed 12 July 2023.